**Pangalan:**

**Tayahin**

**PANUTO: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.**

## Ang Huwarang Pamilya

Sina Mang Piolo at Aling Cristy ay may huwarang pamilya. Ang kanilang mga anak na sina Arcy, Elvie, Nancy, at Frank ay masisikap na mag-aaral. Ang panganay na si Arcy na nasa Baitang VI ay nangunguna sa klase. Ang kambal na sina Elvie at Nancy ay masisigasig sa pagpasok, aktibo sa talakayan, at napapasali sa lahat ng paligsahang pang-akademiko. Ang nag-iisang lalaki na si Frank ay gumagaya sa masisikap niyang mga kapatid.

Naitataguyod naman ang kanilang pag-aaral sa pagiging masigasig ng kanilang mga magulang. Ang mag-asawa ay responsableng gumagabay, nagdidisiplina, at doble kayod sa paghahanapbuhay para itaguyod ang edukasyon ng mga anak. Ginagawa nilang araw ang gabi para mapaglaanan ang pangangailangan ng pamilya. Kahanga-hanga ang pamilya nina Mang Piolo at Aling Cristy.






LIVEWORKSHEETS

1. Sino-sino ang anak nina Mang Piolo at Aling Cristy?
   A. Arcy, Elvie, Nancy, at Frank
   B. Arcy, Elvie, at Nancy
   C. Nancy at Frank

2. Ano ang tawag sa pamilya nina Mang Piolo at Aling Cristy?
   A. huwarang pamilya
   B. masayang pamilya
   C. masipag na pamilya

3. Bakit maituturing na huwaran ang kanilang pamilya?
   A. mayaman sila
   B. marami silang kakilala
   C. matatalino at masisikap ang mga anak at responsable ang mga magulang

4. Dapat bang tularan ang pamilya nila?
   A. opo
   B. hindi po
   C. ewan ko po

5. Ano kaya ang magiging buhay ng mga anak nila pagdating ng panahon?
   A. maghihirap sila
   B. hindi makapagtapos ng pag-aaral
   C. magkakaroon ng maunlad at maayos na pamumuhay






LIVEWORKSHEETS